


School-Based Medicaid Claiming Program

Pinapayagan ng mga batas ng estado at pederal ang Departamento ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii na magsumite ng kahilingan sa pederal upang maisauli ang bahagi ng bayad para sa kailangang medikal at kailangang edukasyonal na serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan na naibibigay sa estudyante sa pamamagitan ng Programa Para sa Edukasyong Pang-indibidwal o Individualized Education Program (IEP). Maaaring kasama sa mga serbisyo ang:

- Mga ebalwasyon na itinuturing na mahalaga bilang kasama sa proseso ng IEP
- Pisyoterapyang (Physical Therapy)
- Terapyang Okupasyonal (Occupational Therapy)
- Mga Serbisyo sa Pandinig (Audiology Services)
- Terapyang Wikang Binibigkas (Speech Language Therapy)
- Mga Serbisyo ng Teknolohiyang Pang-asiste (Assistive Technology Services)
- Mga Serbisyo sa Pag-aalaga ng Kalusugan (Skilled Nursing Services)
- Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Kaisipan (Behavioral Health Services)

Ang Med-QUEST, ang programa ng Medicaid ng estado, ay maaring isauli nito sa Departamento ng Edukasyon ang bahagi ng bayad sa mga pinapayagang serbisyo. Ito ang napakahalagang paraan ng pagpopondo ng pederal para sa mga pampublikong eskuwela. Ang mga sumusunod na kriterya ay kailangang maibigay:

- Kailangan ang pahintulot ng magulang upang maging bahagi sa Programa na Isinusulong-ng-Eskuwela na Maibalik ang Bayad (School-Based Medicaid Claiming Program);
- Ang/Ang mga serbisyo ay itinuturing na kailangang medikal at kailangang edukasyonal na serbisyo sa pamamagitan ng IEP ng estudyante;
- Ang estudyante ay kuwalipikado sa Med-QUEST.



School-Based Medicaid Claiming Program

Hawaii State Department of Education

Health Care Contracts &
Reimbursement

475 22nd Avenue

Honolulu, HI 96816

Phone: (808) 305-9787

Fax: (808) 733-9154

Email: HCCR@notes.k12.hi.us

SCHOOL-BASED MEDICAID CLAIMING PROGRAM

Hawaii State Department of Education
Health Care Contracts & Reimbursement

475 22nd Avenue, Honolulu, HI 96816


Phone: (808) 305-9787

Fax: (808) 733-9154

Email: HCCR@notes.k12.hi.us

The Hawaii State Department of Education's School-Based Medicaid Claiming Program

OVER VIEW AND ANNUAL NOTIFICATION FORM



Ayon sa Batas Edukasyon sa May Mga Kapansanan (Disabilities Education Act) o IDEA, 34 CFR §300.154(d)(2)(v) at sa Batas sa Pribasya ng Mga Karapatang Pang-edukasyonal ng Pamilya (Family Educational Rights Privacy Act), 24 CFR §99, ang mga pampublikong ahensiya ay kailangang magbigay sila ng nakasulat na pabatid sa magulang/tagapag-alaga ng bata bago sila makipag-usap sa unang pagkakataon tungkol sa mga benepisyong ibinibigay ng gobyerno sa bata sa magulang, bago sila makakuha ng minsanang pahintulot ng magulang at tuwing taon na pagkatapos nito. Ipinaliliwanag ng nakasulat na pabatid ang lahat na proteksyon para sa iyo, upang masiguro na alam mo lahat ang iyong mga karapatan bago makipag-usap ang Departamento ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii (Departamento) tungkol sa mga benepisyong ibinibigay ng gobyerno sa iyong anak o tungkol sa kanyang seguro (kagaya ng Medicaid/Med-QUEST) upang hingin ang bahagi ng bayad para sa kailangang medikal at kailangang edukasyonal na ibinibigay sa pamamagitan ng Programa Para sa Edukasyong Pang-indibidwal (Individualized Education Program o IEP ng inyong anak.

Ikaw ay may karapatan na makatanggap ng pabatid sa lengguwaheng naiintindihan mo. Kailangang bigyan ka ng Departamento ng nakasulat na pabatid tungkol sa iyong mga karapatan. Ang pabatid ay kailangang nakasulat sa lengguwaheng naiintindihan ng nakararami at sa lengguwaheng nakagisnang magulang, maliban lamang kung hindi ito kakayaning gawin.

Ang kumpindensiyal ng impormasyon tungkol sa inyong anak ay di maibabahagi kung wala kang pahintulot. Sa iyong pagbibigay ng minsanang pahintulot ng magulang, naiintindihan mo na ang Departamento ay maaari nitong ibahagi ang personal na impormasyon na nakapagtuturo sa inyong anak na nakalagay sa IEP ng inyong anak (katulad ng pangalan ng estudyante, adres, petsa ng kapanganakan, numero ng identipikasyon ng estudyante, kapansanan, mga petsa ng serbisyo, at mga tipo ng mga serbisyo na naibigay). Maliban dito, naiintindihan mo na maaaring singilin ng Departamento ang pederal para sa bahagi ng bayad o gastos para sa mga kailangang medikal at kailangang edukasyonal na may kaugnayan sa kalusugan sa pamamagitan ng IEP. Maaaring makipag-usap ang Departamento tungkol sa mga benepisyong na ibinibigay ng gobyerno sa iyo at ng inyong anak o ng iyong seguro o seguro ng inyong anak upang mabayaran ang mga ganitong serbisyo.

Ang inyong anak ay may karapatan sa Espesyal na Edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na wala kang gastos. Tungkol sa rekwisito ng Departamento upang maibigay ang Libreng Tamang Edukasyong Pampubliko (Free Appropriate Public Education) o FAPE sa kuwalipikadong bata ayon sa IDEA, hindi pipilitin ang Departamento ang estudyante na magpalista sa Med-QUEST upang mabigyan ng Libreng Tamang Edukasyong Pampubliko (FAPE).

Sa iyong pahintulot ng magulang, ang mga sumusunod na karapatan ay istriktong napananati:

- Wala kang gagastusin na sarili mong pera, katulad ng mababawas sa suweldo o makibahagi ka sa gastusin;
- Ang iyong pahintulot ay di magresulta ng pagbabayad para sa mga serbisyo na talaga namang sakop ng Med-QUEST dahil ang inyong anak ay maaaring kailangan niya ang mga serbisyon ng ito sa mga araw na walang pasok sa eskuwela;
- Ang iyong pahintulot ay di nito babawasan ang nakalaang panahon ng habambuhay na pagkakaseguro o ng anumang benepisyong/mga benepisyong mula sa seguro;
- Ang inyong pahintulot ay di nito palalakhin ang mga premyum o pahihintuin ang mga benepisyong o ang seguro; at



- Ang inyong pahintulot ay di nito aalisin ang inyong karapatan na ikaw ay maalagaan sa inyong tahanan at komunidad (home and community-based waivers) na ang mga ito ay batay sa kabuuan ng mga gastos na may kaugnayan sa kalusugan.

Maaari mong bawiin ang pahintulot ng magulang sa anumang oras. Kapag naibigay mo ang inyong pahintulot ng magulang para sa pagbabahagi ng kumpindensiyal na impormasyon sa Med-QUEST, may mga karapatan kang legal ayon sa mga regulasyon ng FERPA upang bawiin mo ang pahintulot kung gugustuhin mo.

Kung pipiliin mo na hindi ka magbibigay ng pahintulot o babawiin mo ang pahintulot, kailangan pa ring ibigay ng Departamento ang mga kailangang serbisyo, na wala kang gastos. Kung pipiliin mo na hindi ka magbibigay ng pahintulot para maibahagi sa Med-QUEST ang personal na impormasyon tungkol sa iyong anak, o kung babawiin mo ang pahintulot, di nito aalisin ang responsibilidad ng Departamento na siguruhin na ang lahat na kailangang serbisyo ay maibibigay sa inyong anak na wala kang gagastusin.

MINSANANG PAHINTULOT: ONE-TIME CONSENT: Ang Departamento ay kailangang magbigay ng nakasulat na pabatid sa magulang at makakuha ng minsanang pahintulot bago ito makipag-usap sa unang pagkakataon sa Med-QUEST. Sa pagbibigay ng mga magulang/tagapag-alaga ng pahintulot na ito, ipinaalam nila na naiintindihan nila ang kanilang mga karapatan at pinapayagan nila ang Departamento na makipag-usap sa Med-QUEST.

ELEKTRONIKONG PABATID: Ang iyong pabatid ay kailangang nakasulat, nalagdaan, at napetsahan. Ang pahintulot ay maaaring nasa papel o pormang elektroniko. Kung ang pahintulot ay elektroniko, ang ibinigay na pahintulot ay dapat nitong patunayan na ikaw ang taong nagbigay nito, mayroon itong lagdang elektroniko at nakasaad din na inaprubahan mo ang nilalaman ng pahintulot.

TAUNANG PABATID: Pagkatapos makuha ang minsanang pahintulot, kailangang magbigay ang Departamento ng taunang pabatid sa mga magulang ng mga estudyanteng may mga kapansanan.